

APIDABIT NG PAHINTULOT NG TAGAPAG-ALAGA *

09/07/11

Pahina 1 ng 2

Ang paggamit ng apidabit na ito ay pinapahintulutan ng Bahagi 1.5 (nagsisimula sa Seksyon 6550) ng Dibisyon 11 ng *Family Code* ng *California*. Hindi ito nakakaapekto sa mga karapatan ng mga magulang o legal na tagapag-alaga ng menor de edad hinggil sa pag-aalaga, kustodiya, at kontrol sa menor de edad, at hindi nangangahulugan na ang tagapag-alaga ay may legal na karapatan sa kustodiya sa menor de edad. Ang apidabit na ito ay hindi nangangahulugan na ang menor de edad ay awtomatikong isang umaasang tao para sa layunin ng pagkakasaklaw sa pangangalagang pangkalusugan.

Ang menor de edad na pinangalanan sa ibaba ay nakatira sa aking tahanan at ako ay may edad na 18 taong gulang o mas matanda pa.

1. Pangalan ng menor de edad: _____
2. Petsa ng kapanganakan ng menor de edad: _____
3. Aking pangalan (*nasa hustong gulang na nagbibigay ng awtorisasyon*): _____
4. Petsa ng aking Kapanganakan: _____
5. Photo I.D. (lisensya sa pagmamaneho sa California o ID sa California): _____
(Ilakip ang kopya; tingnan ang pahina 2, Sa Mga Tagapag-alaga, #4)
6. Ang Aking Tirahan: _____

- Ako ay isang lolo/lola, tiya, tiyo, o iba pang kwalipikadong kamag-anak ng menor de edad.
(Ang “kwalipikadong kamag-anak,” para sa layunin ng bilang 5, ay nangangahulugang asawa, magulang, pangalawang magulang, kapatid na lalaki, kapatid na babae, pangalawang kapatid na lalaki sa ama o ina, pangalawang kapatid na babae sa ama o ina, kapatid na lalaki sa ama o ina, kapatid na babae sa ama o ina, tiyo, tiya, pamangkin, pinsang buo, o sinumang tao na tinutukoy ng unlaping “grand (lolo o lola)” o “great (ninuno)”, o ang asawa ng sinuman sa mga binanggit na tao sa pagbibigay-kahulugan na ito, kahit na nagwakas ang kasal sanhi ng kamatayan o pagbuwag sa kasal.)
7. Lagyan ng tsek ang isa o pareho (halimbawa, kung ang isang magulang ay pinayuhan at hindi matagpuan ang isa):
- Aking pinayuhan ang (mga) magulang o iba pang (mga) taong may legal na kustodiya sa menor de edad, ang tungkol sa aking layunin na bigyan ng pahintulot ang pag-aalaga sa kalusugang pangkaisipan, at walang natanggap na pagtutol.
- Hindi ko magawang makipag-ugnayan sa (mga) magulang o iba pang (mga) taong may legal na kustodiya sa menor de edad sa ngayon, upang ipagbigay-alam sa kanila ang aking nilalayon na awtorisasyon.

BABALA: HUWAG LAGDAAN ANG PAPEL NA ITO KUNG ALINMAN SA MGA PAHAYAG NA NAKASAAD SA ITAAS AY HINDI TAMA, O IKAW AY MAGKAKASALA NG KRIMEN NA MAPAPARUSAHAN SA PAMAMAGITAN NG MULTA, PAGKAKAKULONG O PAREHO.

Aking ipinapahayag sa ilalim ng kaparusahan nang panunumpa nang walang katotohanan sa ilalim ng mga batas ng Estado ng California na ang kababanggit lamang na pahayag ay totoo at tama. Kung hindi na tumitira sa iyo ang menor de edad, hinihiling mula sa iyo na ipagbigay-alam sa alinmang paaralan, tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan, o plano ng serbisyo ng pangangalagang pangkalusugan kung kanino mo ibinigay ang apidabit na ito.

Lagda ng Tagapag-alaga: _____ Petsa: _____

- Ang Pahintulot na ito ay isinalin-wika sa _____ para sa kliyente at/o responsableng nasa hustong gulang.

Kung ang isang nakasalin-wika na bersyon ng Pahintulot na ito ay nilagdaan ng kliyente at/o responsableng nasa hustong gulang, nakalakip dapat ang isinaling bersyon sa Ingles na bersyon.

* File na nasa Seksyon #2, Mga Pahintulot at Paunawa

Ang kompidensyal na impormasyong ito ay ipinagkaloob sa iyo alinsunod sa mga batas at regulasyon ng Estado at Pederal kabilang ang, nguni't hindi limitado sa naaangkop na Welfare and Institutions code (Kodigo sa Kapakanan at Mga Institusyon), Civil Code (Kodigong Sibil) at HIPAA Privacy Standards (Mga Pamantayan HIPAA sa Pagkapribado). Ang paggawa ng kopya ng impormasyong ito para sa karagdagang pagsisiwalat ay ipinagbabawal nang walang paunang nakasulat na pahintulot ng kliyente/pinapahintulutang kinatawan na may kinalaman maliban kung iba ang pinapahintulot ng batas. Ang pagsira sa impormasyong ito ay kinakailangan matapos matugunan ang ipinahayag na layunin ng orihinal na kahilingan.

Pangalan:	Numero ng IS:
Ahensiya:	Numero ng Tagapagkaloob ng Serbisyo:
County ng Los Angeles – Kagawaran ng Kalusugang Pangkaisipan	

Mangyaring Tandaan:

- Ang pinapahayag na ito ay hindi nakakaapekto sa mga karapatan ng mga magulang o legal na tagapag-alaga ng menor de edad hinggil sa pag-aalaga, kustodiya, at kontrol sa menor de edad, at hindi nangangahulugan na ang tagapag-alaga ay may legal na karapatan sa kustodiya ng menor de edad.
- Ang taong umaasa sa apidabit na ito ay walang obligasyon na gawin ang anumang dagdag na pagtatanong o imbestigasyon.
- **Ang apidabit na ito ay may bisa lamang ng isang taon makalipas ang petsa nang ito ay ipinatupad.**

MAHALAGANG IMPORMASYON

PARA SA MGA TAGAPAG-ALAGA

1. Ang “may kakayahang kamag-anak,” para sa layunin bilang 5, ay nangangahulugang asawa, magulang, pangalawang magulang, kapatid na lalaki, kapatid na babae, pangalawang kapatid na lalaki sa ama o ina, pangalawang kapatid na babae sa ama o ina, kapatid na lalaki sa ama o ina, kapatid na babae sa ama o ina, tiyo, tiya, pamangkin, pinsang buo, o sinumang tao na tinukoy ng unlaping “grand (lolo o lola)” o “great (ninuno)” na kamag-anak, o ang asawa ng sinuman sa mga binanggit na tao sa pagbibigay-kahulugan na ito, kahit na nagwakas ang kasalsanhi ng kamatayan o pagbuwag sa kasal.
2. Maaaring hilingin mula sa iyo ng batas, kung ikaw ay hindi kamag-anak o kasalukuyang may lisensyang nag-aarugang magulang, na kumuha ng isang lisensya para sa bahay kalinga upang alagaan ang isang menor de edad. Kung ikaw ay may anumang mga katanungan, mangyari lamang makipag-ugnayan sa iyong lokal na kagawaran ng serbisyong panlipunan.
3. Kung hindi na tumitira sa iyo ang menor de edad, hinihiling mula sa iyo na ipagbigay-alam sa alinmang paaralan, tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan, o plano ng serbisyo ng pangangalagang pangkalusugan kung kanino mo ibinigay ang apidabit na ito.
4. Kung wala kang impormasyong hiniling sa bilang 5 (Lisensya sa pagmamaneho sa California o ID sa California), magbigay ng iba pang uri ng pagkakakilala tulad ng iyong social security number o numero sa Medi-Cal.

PARA SA MGA OPISIYAL NG PAARALAN

1. Nakasaad sa Seksyon 48204 ng Education Code na ang apidabit na ito ay nagtatatag ng isang sapat na batayan para sa pagtukoy sa tirahan ng menor de edad, nang hindi kinakailangan ng isang pagbabantay o iba pang kustodiya, maliban kung malalaman ng distrito ng paaralan mula sa mga aktwal na katotohanan na ang menor de edad ay hindi nakatira sa tagapag-alaga.
2. Maaaring hilingin ng distrito ng paaralan ang mga karagdagang makatwirang katibayan na ang tagapag-alaga ay nakatira ibinigay na tirahan sa bilang 4.

PARA SA MGA TAGAPAGKALOOB NG PANGANGALAGANG PANGKALUSUGAN AT MGA PLANO NG SERBISYO SA PANGANGALAGANG PANGKALUSUGAN

1. Walang sinuman na kumikilos nang may buong katapatan sa Apidabit ng Pahintulot ng Tagapag-alaga upang magbigay ng pangangalagang medikal o dental, nang walang tunay na kaalaman sa mga katotohanan na salungat sa mga nakasaad sa apidabit, ay sasailalim sa pananagutang kriminal o pananagutang sibil sa kahit na sino, o ay sasailalim sa propesyonal pagpaparusa, para sa nasabing pag-asa kung ang naaangkop na mga bahagi ng *form* na ito ay nakumpleto.
2. Ang apidabit na ito ay hindi nangangahulugan na ang menor de edad ay awtomatikong isang umaasang tao para sa layunin ng pagkakasaklaw sa pangangalagang pangkalusugan.